Kapag nakapasok sa Paraiso ang maninirahan sa Paraiso, magsasabi si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas): "Nagnanais ba kayo ng isang bagay na idadagdag Ko sa inyo?

Ayon kay Ṣuhayb (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: Kapag nakapasok sa Paraiso ang maninirahan sa Paraiso, magsasabi si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas): "Nagnanais ba kayo ng isang bagay na idadagdag Ko sa inyo?" Kaya magsasabi sila: "Hindi ba nagpaputi Ka ng mga mukha namin? Hindi ba nagpapasok Ka sa amin sa Paraiso at nagligtas Ka sa amin mula sa Impiyerno?" Kaya maghahawi Siya ng tabing. Kaya naman hindi sila nabigyan ng anumang higit na kaibig-ibig sa kanila kaysa pagtingin sa Panginoon nila (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag nakapasok sa Paraiso ang mga maninirahan sa Paraiso, magsasabi si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) sa kanila: "Nagnanais kaya kayo ng isang bagay na idadagdag Ko sa inyo?" Kaya magsasabi ang mga maninirahan sa Paraiso sa kabuuan nila: "Hindi ba nagpaputi Ka ng mga mukha namin? Hindi ba nagpapasok Ka sa amin sa Paraiso at nagligtas Ka sa amin mula sa Impiyerno?" Kaya mag-aalis si Allāh ng tabing at mag-aangat Siya nito. Ang tabing Niya ay ang liwanag. Kaya naman hindi sila nabigyan ng anumang higit na kaibig-ibig sa kanila kaysa pagtingin sa Panginoon nila (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8344